Apektado ba ang aking estadong pang-imigrasyon kung hihingi ako ng tulong?

Makahihingi ng tulong sa **The Sex Abuse Treatment Center** ang sinuman, citizen man o hindi. Kung hindi ka US citizen, US national o legal na permanent resident, maaaring may karapatan kang mamalagi o magtrabaho sa US kung biktima ka ng ilang krimen, kabilang na ang panggagahasa, o kung asawa ka, anak, magulang o tagapag-alaga ng isang biktima.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang migrante o kung natatakot kang magsumbong sa mga pulis ng tungkol sa pagsasamantala, tumawag sa Nā Loio – Immigration Rights and Public Interest Legal Center sa 847-8828, o toll-free mula sa Neighbor Islands sa 877-208-8828.

Tandaan—
Hindi mo kasalanan
kung ikaw ay nagahasa.
Hindi ka nag-iisa.

Makatutulong kami.

The Sex Abuse Treatment Center
24-Oras Hotline:
524-7273

This project was supported by
Grant No. 2005-WL-AX-0005, awarded by the
Office of Violence Against Women, U.S. Department of
Justice, and the State of Hawaii, Department of Health.
The opinions, findings, conclusions, and recommendations
expressed in this publication are those of the authors and
do not necessarily reflect the views of the Department
of Justice, Office of Violence Against Women.

12/06 1M TAGA

Biktima ba ako ng panggagahasa?

Kung oo,
makatutulong kami

Sentro Para Sa Mga Inabusong Sekswal

Isang programa ng Kapi'olani Medical Center para sa mga kababaihan at kabataan

The Sex Abuse Treatment Center

A Program of Kapi'olani Medical Center for Women & Children

Panggagahasa ba ang nangyari sa akin?

Kung pinilit kang makilahok sa isang gawaing sekswal at labag ito sa iyong kalooban, maituturing itong panggagahasa. Kasama rito ang paghipo sa maseselang bahagi ng katawan sa loob at labas ng damit, pakikipagtalik, paggamit ng bibig bilang pantalik, paghipong sekswal o iba pang gawaing sekswal na wala kang permiso.

Paano kung may relasyon ako sa taong ito? Panggagahasa ba ito?

Oo. Sa katunayan, kadalasang kakilala ng biktima ang nanggagahasa. Halimbawa, maaaring asawa, kaibigan, amo o katrabaho, nobyo/a o iba pang kakilala ninyo.

Wala akong mga sugat at pasa. Panggagahasa pa rin ba ang nangyari?

Oo. Kadalasan, hindi gumagamit ng armas o pwersa ang nang-aabuso. Sa halip, maaari kang pagbantaan, takutin, o linlangin. Isa sa mga paraang ginagamit ng mga nang-aabuso ang paggamit ng alkohol at droga upang malinlang at mahikayat ang biktima. Gayundin, madalas na pinagsasamantalahan ng mga nang-aabuso ang mga taong inaakala nilang hindi magsusumbong ng tungkol sa panggagahasa, gaya ng isang asawa, anak, migrante, o sinumang hindi marunong magsalita ng Ingles.

Hindi ako makakain at makatulog, at minsan, binabangungot ako. Natatakot at naguguluhan din ako. Normal ba ito?

Oo. Ito ang mga karaniwang reaksyong nangyayari pagkatapos ng panggagahasa, subalit iba-iba ang bawat biktima at iba-iba rin ang pagdanas nila sa panggagahasa,

Ipaaalam ko ba sa aking pamilya o mga kaibigan na ako ay pinagsamantalahan?

Ikaw ang magpapasya kung kanino mo gustong sabihin. Hindi madaling ipagsabi ang anumang napakapersonal, ngunit makakatulong sa ganitong panahon ang pagsangguni sa isang taong iyong pinagkakatiwalaan. Anuman ang iyong pasya, tandaang may karapatan kang maging ligtas sa anumang uri ng pagsasamantala.

Dapat ko bang isumbong sa pulis ang nangyari sa akin?

Ikaw ang makakapagpasya kung gusto mong ipaalam sa mga pulis ang pang-aabuso. Gayunman, hindi ka pinipilit na gawin ito.

Kailangan ko bang magpatingin sa doktor kung ako ay pinagsamantalahan?

Kung nagkaroon ka ng malubhang pinsala, magpatingin agad sa doktor. Tumawag sa 911. Kung nag-aalala ka tungkol sa nakakahahawang sakit na pansekswal o sa pagbubuntis, kailangan mo ring magpakita sa doktor.

Sino ang makatutulong sa akin?

Isang krimen ang panggagahasa at may nakahandang tumulong sa iyo. Maaaring isang magulong panahon ito para sa iyo. Maaaring hindi mo alam kung ano ang gagawin, pero mabuting makipag-usap tungkol dito, lalo na sa mga taong may kasanayan para tulungan ka. Masisilbihan ka ng sentrong tumutulong sa mga biktima ng pang-aabusong sekswal (**The Sex Abuse Treatment Center**) at kompidensyal (sikreto) ang lahat ng impormasyong ibabahagi mo maliban na lang kung may permiso kang sabihin iyon sa iba. Kung kailangan mo ng tagas-alin, bibigyan ka ng isang hindi mo babayaran.

Tumawag sa **The Sex Abuse Treatment Center Hotline sa 524-7273 (24 oras bawat araw)**. Isa sa aming mga empleyado ang magpapayo at mag-bibigay ng impormasyon tungkol sa maaari mong gawin sa iyong krisis. Naghahandog kami ng:

- Libreng pagsusuring medikal para sa mga biktima (72 oras pagkatapos maganap ang panggagahasa)
- Libreng pagpapayo
- Impormasyon tungkol sa iyong mga karapatang legal at desisyon

Tandaan:

- Kompidensyal o sikreto ang anumang impormasyong iuulat ninyo sa amin
- Hindi ninyo kailangang magreport ng pang-aabuso sa pulisya upang tumanggap ng aming paglilingkod.

Mga alalahaning pang-imigrasyon? Tingnan ang kabilang pahina para sa mga detalye.